# Ang Muling Paglipad ni Gero Paruparo

Grade 3



Kwento at Guhit ni: Roberto Valin Duldulao Jr.
Pagaanyo ni: Jun Bernard S. Camonay
Pamamatnugot ni: Cheryl Raymundo-Ramiro,PhD

SCHOOLS DIVISION OF SANTIAGO CITY
REGION 02

**Liham para sa Mag-aaral**

Sa inyong minamahal kong mag-aaral.

Ako ay nagagalak sa hangarin mong madagdagan ang iyong kaalaman sa pag-aaral.


Ang kwentong ito ay nagpapaalala ng kahalagahan ng pakikinig sa bilin at patnubay ng magulang o nakakatanda. Ano man ang tagubilin ng inyong magulang ay dapat sundin at pagkatiwalaan. Hangarin ng kwentong ito na imulat ang mga mata ng bawat bata na walang magulang na magpapahamak sa kanyang mga anak.

Hinahangad kong kapulutan ng aral ng bawat mambabasa ang munting kwento ng batang paruparo.

MALIGAYANG PAGBABASA!

May Akda,

**ROBERTO VALIN DULDULAO JR.**


Ang Muling Paglipad
ni
Gero
Paruparo
Grade 3
Kwento ni Roberto Valin Duldulao Jr.



"Ang ganda ng iyong pakpak Gero! Pero bakit may sira ang dulo ng iyong pakpak?"

Sa isang magandang hardin na puno ng magagandang bulaklak, isinilang ang magandang paruparo…si Gero.



May malalaking maaamong mga mata, matamis ngumiti at masigla kumilos. Ang sinomang makakita at makasalamuha niya ay tiyak na matutuwa at mahahawa sa kaniyang kasiglahan.



Katulad ng isang batang paslit siya ay nakatutuwang kasama. Kumakanta kanta, sumasayaw sayaw at kumekembot kembot pa. Sadyang nakaaaliw ang batang paruparong si Gero.



Ang lumipad sa kabuuan ng hardin ang nais ni Gero paruparo ngunit alam niyang siya ay isa pa lamang batang paruparo.

“Nais ko sanang lumipad at libutin ang hardin.” sambit ni Gero paruparo sa kanyang sarili.





“ Inay, nais ko po sanang lumipad at masdan ang kabuuan ng hardin” sambit ni Gero paruparo.

“ Anak, pagdating ng tamang panahon. Makinig at sumunod muna kay Nanay.”, wika ng ina.



**Gusto niyang puntahan ang buong paligid ng kabahayan ni Aki, ang isang batang makulit na may-ari ng hardin.**





Ang paligid ay puno ng iba't ibang makukulay na bulaklak. Ang hardin na kung saan palaruan at takbuhan ng batang si Aki.

Isang araw, binalak ni Gero paruparo na lumipad at lumapit sa batang si Aki ngunit pinagbawalan siya ng kaniyang ina.



**Umiyak si Gero paruparo dahil gusto na sana nitong lumipad at umikot sa paligid ng kabahayan ni Aki.**

**" Kailangan ko kasi sumunod sa bilin ni Nanay", sambit nito sa kanyang sarili.**



**“Bakit kaya hindi pwede? May pakpak naman ako at kaya ko namang lumipad. Isa akong paruparo” wika niya sa kaniyang sarili.**





Ngunit sa kabilang banda, alam rin niya na maliit pa ang kaniyang pakpak at hindi ito kapareho ng sa matandang paruparo.

Kaya ko rin namang lumipad ng kasingtaas ng lipad ng matatandang paruparo", ang pagmamalaking sambit ni Gero paruparo sa isang uod.



" Alam ko namang may pakpak ka ngunit hindi pa kasing tatag ng kanila.", sambit ni Ginoong uod.



**Muling nagtanong si Gero paruparo sa isang kulisap.**

**“Binibining kulisap, ako po ay may maririkit na maliliit na pakpak, kaya ko naman po sigurong lumipad sa bakuran di po ba?”, sambit ni Gero paruparo.**




**“Ang hangin ay malakas at hindi pa kaya ng iyong munting katawan. Magpalakas at sumunod ka na lang muna sa bilin ng iyong ina.”, sagot sa kaniya ni Binibining Kulisap.**



"Ginoong Langgam, sabihin mo sa akin na ako ay maaari ng lumipad nang mataas upang makapasyal na sa bakuran.", pangungumbinsi ni Gero paruparo.





“Naku Gero paruparo, sadyang delikado pa sa munting katulad mo ang mamasyal mag-isa. Mapanganib ang hangin para sa iyo.”, malumanay na sagot ni Ginoong Langgam.

**Nalungkot si Gero paruparo sa nalamang kahinaan kaya siya ay naiyak na lamang.**






**Nagplano si Gero paruparo na tumakas sa hardin at mamasyal sa bakuran ni Aki.**




Kinaumagahan, isinakatuparan ni Gero paruparo ang balak na mamasyal sa hardin ni Aki.

Dapo rito. Dapo roon. “ Ang sarap lumipad-lipad,ang daming magagandang bulaklak dito sa hardin.”, tuwang-tuwa at kilig na kilig na sambit ni Gero paruparo.



Sobrang tuwa ang naramdaman ni Gero paruparo ng mga sandaling iyon. “ Yehey, ang sarap lumipad! Ang sarap samyuin ng mga bulaklak!”


Patuloy ang pasyal at lipad ni Gero paruparo sa bakuran ni Aki hanggang napadako siya sa malapit sa bintanang mabulaklak ni Aki.






“Ang gandang paruparo! Ang liit ng pakpak at ang tingkad ng kulay.”, wika ni Aki.


Nagmadali siyang lumabas upang hulihin ang munting paruparo.



" Ha!Ha!Ha! Mahuhuli rin kita maliit na paruparo.", natutuwang sambit ni Aki.




“ Naku, huwag sana akong mahuli ng batang ito.”, takot na takot na sambit ni Gero paruparo.



**Sa lakas ng hampas ng panghuhuli ni Aki ay tinamaan ang dulong bahagi ng pakpak ni Gero paruparo.**


**“Baka hindi na ako makalipad. May punit na ang aking pakpak.” Litong-lito at takot na takot na wika ni Gero paruparo.**



Sa sobrang takot ng batang paruparo ay lumipad siya ng lumipad sa kabila ng sakit na kaniyang nararamdaman. “ Kung sumunod lamang sana ako kay Ina”, umiiyak na sambit niya sa kaniyang sarili.

**Sobra ang buhos ng luha sa mga mata ni Gero paruparo. Puno ng pagsisisi na nilabag niya ang bilin ng kaniyang ina na huwag munang lumipad sa malalayong lugar dahil maliit pa at mahina ang kaniyang pakpak.**






"Anak, kung sumunod ka lang sana sa aking bilin, mahina pa ang iyong katawan sa hangin. Hindi pa sapat ang iyong laki at lakas sa mga haharapin mong pagsubok sa labas", malumanay na pang-aalo ng kanyang ina.

Mula ng araw na iyon, ayaw ng lumipad ni Gero paruparo, kahit ibuka ang kaniyang pakpak ay kaniya ng kinatatakutan. Lumipas ang maraming oras, araw at buwan ng hindi na niya namamalayan. Lumaki at gumanda na ang kaniyang dating mumunting pakpak.





Hanggang ang mga nilalalang na rin mismo sa kaniyang paligid ang nagpabatid sa kaniya at hinimok siya na muling subukang lumipad.

"Malaki na ang iyong pakpak!", wika ni Ginoong Uod.

"Lumipad ka muli Gero paruparo at kaya na ng iyong katawan" malambing na panghihikayat ni Binibining Kulisap.

" Anak, lumipad ka! Huwag mong sayangin ang ganda ng panahon ngayon! Ngayon na ang tamang panahon ng iyong paglipad." dagdag pagbibigay lakas ng loob ng kaniyang ina.

At muli, nanumbalik ang tiwala ni Gero paruparo sa kaniyang sarili ng marinig ang kaniyang ina na nagsabing, " Lipad muli mahal kong anak."

## Pag-uunay sa Kurikulum sa Ikatlong Baitang

*Ang kuwentong ito ay nakapaloob sa kurikulum ng ikatlong baitang na lumilinang sa mga sumusunod na kasanayan:*

| **FILIPINO** | | | |
|---|---|---|---|
| **Kaugnay na batayan** | **Pamantayan sa Pagtututo** | **Kaugnayan sa Kwento** | **Aral na makukuha** |
| (Ikatlong Markahan) | Naibibigay ang sariling hinuha bago, habang at pagkatapos ng napakinggang teksto .<br>***F3PN-IIIf-12*** | Naibibigay ang sariling hinuha sa kuwento.<br>***Mga gabay na tanong:***<br>**<u>Bago</u>**<br>Bakit kaya may punit ang dulong bahagi ng pakpak ni Gero paruparo?<br><br>**<u>Habang</u>**<br>Matupad kaya ni Gero paruparo ang kagustuhan niyang malibot ang hardin ni Aki? Paano? | * Ang lahat ng bagay ay hindi minamadali. Bawat aksiyon o desisyon ay may tamang panahon at pagkakataon.<br>* Maging mapagpakumbaba at masunurin.<br><br>* Mahalaga ang pagsunod sa bawat tagubilin ng mga nakakatanda.Ang mga ito ay |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | **<u>Pagkatapos</u>**<br>Muli kayang lilipad si Gero paruparo? Bakit? | nating pakingan, unawain at sundin sapagkat ito ay para sa iyong ikabu-buti upang makaiwas sa kapa-hamakan. |
| | Napag-susunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwentong napakinggan.<br>**F3PN-IIIg-8.2** | Sa tulong ng mga larawan, pagsusunod sunorin ng mga bata ang pangyayari sa kuwentong napaking-gan. | * pagbabalik ng tiwala sa sarili. |
| | Naisasalaysay ang na-pakinggang kuwento ayon sa kronolo-hikal na pagka-kasunod-sunod.<br>**F3PN-IIIh-6.3** | ***(Fluency)***<br>**Tatas**<br>Maisasa-laysay muli ang na-pakinggang kuwento ayon sa kronolohikal na pagka-kasunod-sunod sa tulong ng mga la-rawang gina-mit sa unang pagsasanay. | |

# Gintong-Aral

- Sumunod sa bilin ng magulang upang makaiwas sa kapahamakan.
- Ang lahat ng bagay ay may nakalaang tamang panahon.

